



WM - Mga Pagbabago sa Pagsingil sa Distrito ng Kalinisan ng Oro Lama

Background:

Gumawa ang Oro Lama ng mga pagbabago sa paraan ng pagsingil para sa mga serbisyo sa solidong basura. Sa halip na pabayaran ang mga residente para sa mga serbisyo sa pagreresiklo sa pamamagitan ng kanilang singil sa Pamamahala ng Basura (Waste Management, WM) at iba pa sa pamamagitan ng kanilang singil sa buwis sa ari-arian (ipinapakita bilang “AB 939 sa Pagreresiklo (AB 939 Recycling)”), isasama na ngayon sa singil sa WM ang lahat ng singil sa pagreresiklo. Nagsimula ang pagbabagong ito noong Hulyo 1, 2024 at layon nitong gawing mas malinaw at hindi pabago-bago ang pagsingil para sa lahat.

1. Ano ang nangyaring pagbabago sa pagsingil?

Ang pagsingil para sa mga serbisyo sa pagreresiklo at mga organiko ay inilipat mula sa pagsingil sa listahan ng buwis sa ari-arian patungo sa direktang pagsingil sa Pamamahala ng Basura (WM), simula Hulyo 1, 2024.

2. Bakit ginawa ang pagbabagong ito?

Ginawa ang pagbabagong ito para pahasayin ang pagiging malinaw at pagiging patas. Sa direktang pagsingil sa pamamagitan ng WM, malinaw mong makikita ang mga halaga para sa mga serbisyo sa pagkolekta ng solidong basura, na naaayon sa iba pang bahagi ng Oro Lama at mga kalapit na lungsod.

3. Bakit mas mataas ang singil sa Setyembre kumpara sa karaniwan?

Kasama sa singil sa Setyembre ang mga singil para sa “Buwangang Pagreresiklo (Monthly Recycle)” para sa Hulyo, Agosto, Setyembre, Oktubre, at Nobyembre. Mayroon ding taunang pagtaas ng rate ng solidong basura na 2.74% na nagkaroon ng bisa noong Setyembre 1.

4. Anong mga serbisyo ang kasama sa singil sa “Buwangang Pagreresiklo”?

Saklaw ng singil ang mga serbisyo sa pagreresiklo at pagkolekta ng mga organiko, na kailangan sa ilalim ng Panukalang Batas ng California (SB 1383). Kasama rin dito ang “Singil sa SB 1383 ng Distrito (District SB 1383 Fee)” na ginagamit para saklawin ang mga kinakailangan ng SB 1383, gaya ng pagbili ng mga bagong cart.

5. Bago ba ang singil sa “Buwangang Pagreresiklo”?

Hindi, hindi bago ang singil. Sisingil ang mga customer sa kanilang singil sa buwis sa ari-arian o sisingil sila ng WM. Ngayon, ang lahat ng customer ay sisingilin ng WM.

6. Paano sisingil ang singil sa “Buwangang Pagreresiklo” dati?

Dati itong lumalabas bilang “AB 939 sa Pagreresiklo” (AB 939 Recycling) sa singil sa buwis sa ari-arian.

7. Paano ako sisingilin para dito ngayon?

Sinisingil na ito ngayon sa iyong invoice ng WM at lumalabas ito bilang “Buwangang Pagreresiklo” sa singil.

8. Puwede bang alisin o i-waive ang singil na “Buwangang Pagreresiklo” para sa anumang dahilan, gaya ng pagiging bakante?

Hindi, hindi maaaring alisin o i-waive ang singil, kahit na bakante o nakabukod sa pagkolekta ng basura ang ari-arian.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina





Ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina

9. Magkano ang singil at paano ito kinakalkula sa invoice ko?

Nakabatay ang singil sa bilang ng mga yunit sa ari-arian. Halimbawa, ang pang-isahang pamilya na tirahan ay itinuturing na 1 yunit, ang duplex ay 2 yunit, at ang gusali ng apartment na may 10 apartment ay 10 yunit. Ang singil kada yunit para sa mga pang-isahang pamilya ay \$7.48, at para sa mga ari-arian para sa maramihang pamilya, ito ay \$7.18.

Mga halimbawa:

- Isang pang-isahang pamilya na tirahan na sinisingil kada quarter: $1 \text{ yunit} \times \$7.48 \times 3 \text{ buwan} = \22.44
- Isang ari-arian para sa maramihang pamilya na may 12 apartment, na buwanang sinisingil: $12 \text{ yunit} \times \$7.18 = \$86.16$ para sa isang buwan.

10. Paano naman ang back bill sa mga invoice ng WM?

Ang back bill sa mga invoice sa Agosto at Setyembre ay dahil sa paglipat mula sa pagsingil sa buwis sa ari-arian patungo sa siklo ng pagsingil ng WM.

Para sa mga buwanang sinisingil na customer, lalabas ang singil na "Buwanang Pagreresiklo" sa invoice sa Agosto 2024 na may pang-isang buwang back bill para sa Hulyo. Nakalista ang back bill bilang "Debit sa Pagsingil HUL PI EFF" (Billing Debit JUL PI EFF).

Para sa mga customer na sinisingil kada quarter, lalabas ang singil na "Buwanang Pagreresiklo" sa invoice sa Setyembre 2024 na may pang-dalawang buwang back bill para sa Hulyo at Agosto. Nakalista ang back bill bilang "Debit sa Pagsingil HUL PI EFF" (Billing Debit JUL PI EFF) at "Debit sa Pagsingil AGO PI EFF" (Billing Debit AUG PI EFF).

Mangyaring tandaan: ang mga singil na "Debit sa Pagsingil" ay hindi makikita sa anumang singil ng WM sa hinaharap.